Pangalan: Yusoph P. Hassan Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Sino Ang Tunay na Muslim?
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 7, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلٰهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
"O kayong mga naniniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Ang lahat ng papuri ay para kay Allah lamang. Siya ang ating pinasasalamatan at hinihingan ng tulong, humihingi tayo sa Kanya ng kapatawaran at patnubay. Nawa'y pangalagaan Niya tayo laban sa kasamaan ng ating mga sarili at kasamaan ng ating mga gawa. Sinumang patnubayan ni Allah ay walang makapagliligaw sa kaniya at sinumang hinayaan Niyang maligaw ay walang makapaggagabay sa kanya.

Mga alipin ni Allah, lahat tayo ay naniniwala na ang buhay natin dito sa Mundo ay panandalian lamang. Kung kaya nararapat lamang sa bawat isa sa atin na magsumikap upang mapabilang sa mga tunay na Muslim na binanggit ni Allah sa Qur-an. Si Allah ay nagsabi:

﴿ إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ إِذَا ذُكِرَ اللَّهُ وَجِلَتْ قُلُوبُهُمْ وَإِذَا تُلِيَتْ عَلَيْهِمْ آيَاتُهُ زَادَتْهُمْ إِيمَانًا وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ (2) الَّذِينَ يُقِيمُونَ الصَّلَاةَ وَمِمَّا رَزَقْنَاهُمْ يُنفِقُونَ (3) أُولَٰئِكَ هُمُ الْمُؤْمِنُونَ حَقًّا ﴾
سورة الأنفال: 2-4
"Ang tunay na sumasampalataya ay sila na kung ang pangalan ni Allah ay nababanggit ay nagkakaroon ng pangamba sa kanilang mga puso at kung ang Kanyang mga talata (Qur-an) ay dinadalit sa kanila ay nakapagdadagdag sa

ISA IBN MARYAM INC.

kanilang Eeman (pananampalataya) at sila ay nagtitiwala sa kanilang Panginoon. Sila na nagsasagawa ng Salah at gumugugol mula sa mga bagay na Aming ipinagkaloob sa kanila. **Sila ang mga tunay na sumasampalataya.**" (Surah Al-Anfal: 2-4)

Mga alipin ni Allah, mula sa mga Ayah na ito, binanggit ni Allah ang mga katangian ng tunay na Muslim o tunay na mananampalataya sa Kanya. Ang una sa mga ito ay siya na nakararamdam ng pangamba sa kanyang puso kapag nababanggit sa kanya ang pangalan ni Allah. Ngunit ang ilan sa atin, kapag sinabi sa kanya, "Ittaqillah" (katakutan mo si Allah) bilang paalala, sila ay nagagalit at hindi nakararamdam ng takot kay Allah. Naririnig natin ang Adhan na kung saan ipinananawagan ang pangalan ni Allah: "Allahu Akbar, Allahu Akbar", ngunit ang ilan sa atin ay hindi tumutugon sa panawagang ito at hindi pumupunta sa Masjid upang itayo ang Salah.

Ang ikalawang katangian na binanggit ni Allah, kapag naririnig niya ang mga Salita ni Allah – ang mga Ayah mula sa Qur-an – ito ay nakapagtataas ng antas ng kanyang Eeman at Taqwa. Ngunit ang nakalulungkot mga kapatid, ang ilan sa mga Muslim sa kasalukuyang panahon, mas nananaig sa kanilang mga puso ang musika, mas tinatangkilik nila at pinakikinggan ang mga kanta ng mga hindi mananampalataya kaysa sa mga Ayah o Salita ni Allah.

Ang ikatlong katangian ng tunay na Muslim ay pagtitiwala kay Allah. Ang lahat ng kanyang mga gawain pagkatapos niya itong paghusayin ay kanyang ipinauubaya at ipinagkakatiwala kay Allah. Matatag ang kanyang pananalig kay Allah na ang lahat ng mangyayari sa kanya ay ayon lamang sa kagustuhan at kapahintulutan ni Allah, kaya tanggap niya anuman ang kanyang kalagayan – mabuti man ito o masama. Nang dahil sa katangiang ito, siya ay kontento, panatag, masaya, at mapayang namumuhay alinsunod sa mga kautusan ni Allah.

Ang ikaapat na katangian ng tunay na Muslim ay pagsasagawa ng Salah. Siya ang Muslim na hindi nagpapabaya sa pagsasagawa ng Salah sa mga takdang oras nito anuman ang kanyang gawain, kalagayan, at saan man siya naroroon. Batid niya na ito ang unang titimbangin sa kanyang mga mabubuting gawa sa Araw ng Paghuhukom. Ngunit ang tanong mga kapatid, nagagampanan ba natin ang tungkuling ito na iniatas sa atin ni Allah? Nakukumpleto ba natin ang limang beses na Salah sa bawat Araw? Naisasagawa ba natin ang mga ito sa

mga takdang oras nito? Pinag-aralan ba natin ang tamang pamamaraan ng pagsasagawa ng Salah? Ito ang mga mahahalagang tanong na dapat itinatanong natin sa ating mga sarili upang mapangalagaan ang ating Salah at maging katanggap-tanggap ito kay Allah.

At ang ikalimang katangian ng tunay na Muslim na binanggit ni Allah ay gumugugol mula sa mga bagay na ipinagkakaloob sa kanya ni Allah. Siya ang Muslim na hindi maramot sa landas ni Allah at hindi nanghihinayang sa anumang Sadaqah o kawanggawa na kanyang ibinibigay para sa mga mahihirap, sa mga nangangailangan, sa mga nagsasagawa ng Da'wah, sa mga Madrasah, at sa mga Masjid. Siya ang Muslim na binanggit ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam):

خَيْرُ النَّاسِ أَنْفَعُهُم لِلنَّاسِ. ( أخرجه ابن حبان والطبراني)

"Ang pinakamainam sa mga tao ay ang pinakakapakipakinabang sa mga tao." (Inulat nina Ibn Hibban at At-Tabarani)

Siya ang Muslim na ang lahat ng mayroon siya ay kapakipakinabang sa mga tao, hindi lamang sa kanyang mga ari-arian kundi maging sa kanyang kaalaman, salita at gawa. Ang Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay nagsabi,

المُسْلِمُ مَن سَلِمَ المُسْلِمُونَ مِن لِسانِهِ ويَدِهِ. (أخرجه البخاري ومسلم)

"Ang Muslim ay sinumang ligtas sa kanyang dila (salita) at kamay (gawa) ang mga Muslim." (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Mga alipin ni Allah, ito ang mga katangian ng tunay na Muslim na binanggit ni Allah sa mga Ayah na ating nabanggit. At alam niyo ba kung ano ang mga gantimpalang igagawad sa kanya ni Allah? Siya ay nagsabi:

﴿ لَّهُمْ دَرَجَاتٌ عِندَ رَبِّهِمْ وَمَغْفِرَةٌ وَرِزْقٌ كَرِيمٌ ﴾ سورة الأنفال: 4

"Sa kanila ang mga antas ng karangalan na nasa kanilang Panginoon, pagpapatawad, at masaganang panustos (sa Paraiso)." (Surah Al-Anfal: 4)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***